AUGUST 2024 VOLUME NO. 1 ISSUE NO. 1

# WIKA NG KASARINLAN AT PANANAGUTAN, IPINAGDIWANG

*Sydelle Margaux Dela Rosa, 6 - Mary of the Annunciation*
*Julienne Guerrero, 12-ABM/GA*
*Margaret Dizon, 12-HUMSS*


Maningas, 11-STEM B

Nakiisa ang Saint Theresa's College of Quezon City (STCQC) sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2024 na may temang Filipino: Wikang Mapagpalaya noong Agosto 1, 2024 sa Sr. Marie Madeleine Multi-purpose Gym (SMMMG). Ito ay isinagawa ng parehong departamento ng Elementarya at Mataas na Paaralan, kasabay nito ang panunumpa ng pananagutan sa tungkulin ng mga pinuno.

Sinimulan ang paglulunsad ng pagdiriwang sa pamamagitan ng isang seremonya bilang pagbabalik-tanaw sa naging ebolusyon ng watawat ng Pilipinas. Kaugnay nito, nagkaroon ng pagtanggap ng kani-kanilang watawat para sa bawat seksyon na ipapaskil sa mga silid. Naging pokus din sa paglulunsad ang pagpapaigting ng bawat isa sa buong komunidad ang pagiging makakalikasan, makatao, maka-Diyos, at makabansa.

Bago matapos ang programa, nagbahagi ng talumpati ang Punong Tagapangasiwa ng paaralan na si Dr. Maria Teresa C. Bayle na humihimok sa mga pinuno na pahalagahan ang biyaya ng pamumuno. Naging sentro ng kanyang talumpati ang pagbibigay-hamon hindi lamang sa mga nahalal na pinuno na buong pusong tumugon sa bawat gampanin at pahalagahan ang pagbabahagi ng kaalaman at kakayahan sa iba upang patuloy na mapagbuti ang komunidad. Dagdag pa ni Dr. Bayle, "Tulad ng sa paghahardin, ang hardinerong nagbibilin sa iba ay tinitiyak na inaalagaan ang mga halaman kahit sa kawalan ng kanyang presensya." Sa ganitong paraan, ang mga pinuno ay maaaring mag-iwan ng kanilang mabubuting adhikain na makatutulong sa paghubog ng mas magandang kinabukasan para sa kanilang mga komunidad.

Para sa iba't ibang gawain ng parehong departamento, isa sa mga gawain ng Senior High School sa pagdiriwang ay ang Pistang Nayon bilang pagtatampok sa natatanging yaman sa iba't ibang rehiyon ng bansa, mula sa wika, kultura, tradisyon, musika, sayaw, sining, at ang mga naging misyon ng ICM. Para naman sa Junior High School, nagkaroon ng isang forum kaugnay sa paksang "FSL tungo sa Ingklusibong Pambansang Kaunlaran" na ginanap noong Agosto 8, 2024 sa Sr. Adolphine Hall sa pamamagitan ng tagapagsalita na si G. Jamil Carvajal. Layunin ng naging gawaing ito na makita ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng FSL bilang biswal sa pambansang wika.

Para sa elementarya, itinampok sa kanilang naging gawain ang pakikiisa ng Baitang 5 at 6 sa programa tungkol sa paggamit ng Filipino Sign Language na may temang "Wikang Pasensyas tungo sa Ingklusibong Pambansang Kaunlaran." Ito ay ginanap sa Sr. Adolphine Hall sa pangunguna nina Bb. Marielle de Guzman, Bb. Karen Samson, at mga ilang Girl Scouts mula sa Philippine School for the Deaf.

Bilang pagtatapos ng Buwan ng Wika, isinagawa sa elementarya ang kulminasyon na programa noong Agosto 29, 2024 sa pamumuno ng Subject Area Team Leader sa Filipino na si Gng. Tsarisma Gloria sa pamamagitan ng mga gawain katulad ng Balitang Pampaaralan ng SINAG Lahing Kayumanggi at SINAG Kislap Pinoy, Pagtugtog ng Ukulele kasama si Gng. Aimee Baldonado at mga miyembro ng Ukulele Camp, Interaktibong Bugtungan nina Psalm Maria Nazarene Belandres (6 - Mary of the Annunciation), Marcia Jodi Goloc (6 - Mary of Nazareth), Olivia Isabelle Cuyco (5 - Knowledge) at Amber Sofia Mari Penaranda (6 - Mary of Bethlehem), at Pag-awit ng OPM nina Gng. Angel Echeverria at Vera Maria Carmela Echeverria (2 - Gratitude). Ang mga mag-aaral, guro, at iba pang kawani ng paaralan ay nagpakita ng kanilang suporta sa pamamagitan ng pagsuot ng souvenir shirt na may disenyo ng iba't ibang lugar o lalawigan sa Pilipinas o mga kasuotan na pagpapakita ng pagkakakilanlang Pilipino. Nagkaroon din ng simpleng salusalo ng pagkaing Pilipino ang mga mag-aaral sa kani-kanilang silid-aralan. Ito ay sinundan naman ng mga kanya-kanyang gawain ng iba't ibang baitang.



Denoso, 6 - Mary of the Annunciation

Para naman sa Mataas na Paaralan, ang kulminasyon ay isinagawa noong Setyembre 5, 2024 sa pamamagitan ng simple ngunit makabuluhang pagtatanghal ng mga piling mag-aaral mula sa Sining Teresa sa pamumuno ni Bb. Ina Laurente at pangkat ng Instrumental Ensemble sa pamumuno naman ni Gng. Myrna Hernandez sa kanilang pagtugtog ng mga awiting-bayan. Mula sa programang ito, binigyang-diin ni G. Bryan Queja, ang Subject Area Team Leader sa Filipino ang mensaheng, Piliin ang Wika, Piliin ang Pilipinas.

Sa pamamagitan ng buong pagdiriwang ng Buwan ng Wika, mas pinalakas ang pambansang identidad at ipinakita ang pagmamahal sa bayan. Ang ating wika at watawat ay mga simbolo ng ating pagkakaisa, at sa bawat pagdiriwang na ito, ang buong komunidad ng STCQC ay patuloy na pinapanday ang mas maliwanag na kinabukasan para sa lahat ng Pilipino.


Pe Benito, 12-STEM B


Argamosa, 9-1